5 - ANG BANAL NA ESPIRITU

Leksyon 1: Ang Nakapagpapabagong Espiritu ng Dios

Panimula: Bago bumalik si Jesus sa langit ay ipinangako Niya na ipadadala ang Mang-aaliw bilang Kanyang Kinatawan sa lupa (Juan 14:16). Maraming iba't-ibang turo tungkol sa Espiritu Santo. Ano o sino ba ang tinatawag na Espiritu Santo? May nagiisip na ang Espiritu Santo ay isa lang kaisipan o pakiramdam o impluwensya ng Dios. Ating tingnan kung ano ang tunay na turo ng Biblia tungkol sa Kanya.

1. Kailan unang nabanggit ang Espiritu ng Dios sa Biblia? **Gen. 1:1-2**

Ang Espiritu Santo ay nabubuhay na noong pasimula pa lang. Siya ay kasama sa paglalang sa sanlibutan.

2. Paano natin natiyak na ang Espiritu Santo ay hindi isang hangin lang kundi isang Persona at Dios? **Gawa 5:3-4**

Ang Espiritu Santo ay pwedeng pagsinungalingan. Ang pagsisinungaling sa Espiritu Santo ay pagsisinungaling sa Dios. Ang Espiritu Santo ay Dios mismo.

3. Paano natin nalamang ang Espiritu Santo ay isa sa Kadiosan? **Mat. 28:19**

4. Sino ang nag-uudyok sa mga propeta ng Biblia? **2 Ped. 1:21**

Tinawag ang Banal na Espiritu na "Espiritu ng katotohanan." Siya ang nag-uudyok sa mga propeta upang sumulat ng "Salita ng Katotohanan" (Juan 15:26; Juan 17:17). Ang Biblia ay resulta ng gawain ng Espiritu Santo (2 Tim 3:16). *(Para sa dagdag na pag-aaral, tingnan ang Kabanata 1: Ang Salita ng Dios, pp. 13-25).*

5. Ano ba ang kaugnayan ng Espiritu Santo sa pagpasok natin sa Langit? **Juan 3:5**

6. Ano'ng gagawin ng Espiritu sa tagasunod ni Cristo? **Juan 14:26**

   Ang Espiritu Santo ang magtuturo at magpapaalaala ng lahat ng bagay. Siya rin ang papatnubay sa buong katotohanan (Juan 16:13).

7. Paano tayo tutulungan ng Espiritu na makasunod sa Dios? **Heb. 10:15-16; Eze. 36:26-27**

   Ilalagay ng Dios ang Kanyang kautusan sa puso natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

8. Ang Espiritu Santo ba ay pareho ng konsiensya? **Juan 16:7**

   Ang konsiensya ay ang kaalaman ng tama at mali sa loob ng isang tao. Hindi ito ang Espiritu ng Dios. Ang Espiritu ay Persona na Siyang *gumigising sa konsiensya* para maramdaman ng tao pag mali ang kanyang ginagawa.

9. Ano-anong pagbabago ang ginagawa ng Espiritu Santo sa isang taong nagpapasakop sa Kanya? **Gal. 5:19-23**

   Binabago ng Espiritu Santo ang taong makasalanan, at binibigyan ng bagong pagkatao at pag-uugali.

Gawa ng Laman: Natural na Pagkatao –"di papasok sa langit"
1) pakikiapid, karumihan, kahalayan,
2) pagsamba sa diyos-diyosan, pangkukulam,
3) alitan, pagtatalo, paninibugho, pagkagalit,
4) pagkamakasarili, pagkakabaha-bahagi, pagkakampi-kampi,
5) pagkainggit, paglalasing, kalayawan.

Bunga ng Espiritu: Pagbabago sa Likas "katuparan ng kautusan"
1) pag-ibig, kagalakan, kapayapaan,
2) pagtitiyaga, kagandahang loob, kabutihan,
3) katapatan, kaamuan, pagpipigil sa sarili

10. Gaano kahanda ang Dios na ibigay ang Espiritu? **Luk.11:13**

11. Paano natin matatanggap ang Espiritu Santo? **Gawa 2:38**

    Ang **pagsisisi** ay pagtalikod sa mga makasalanang gawain. Ang bautismo ay simbolo ng pagsisisi at pagtanggap kay Cristo at sa Espiritu ng Dios. Ang Espiritu ng Dios ay handang pumasok sa iyong puso at handang tulungan kang magbago. Pero kailangang magpasya ka na ayaw mo na sa dati mong pagkatao.

Pagpapasya: Habang nag-aaral tayo ng Salita ng Dios, nararamdam mo bang tinutulungan ka ng Espiritu ng Dios para maunawaan ang ating pinag-aaralan? Meron bang parang nagsasalita sa isip mo na kailangan mo ang Espiritu ng Dios sa iyong buhay? Sabi ni Apostol Pedro: Magsisi – tumalikod sa kasalanan, magpabautismo – bilang tanda ng pagsisisi – at hindi ka lang mapapatawad, papasok sa iyo ang Espiritu ng Dios. Ito ba ang nais mong mangyari sa buhay mo?

MGA KATANGIAN NG BANAL NA ESPIRITU

1. Rom. 8:2 – Siya ang Buhay
2. Juan 16:13 – Siya ang Katotohanan
3. Rom. 15:30 – Espiritu ng Pagibig
4. Efe 4:30 – Tinawag na Espiritu ng Dios
5. 1 Cor 12:10,11 – *Omnipotent* – kayang gawin ang lahat
6. Awit 139:7-10 – *Omnipresent* – nasa sa lahat ng lugar
7. 1 Cor 2:10-12 – *Omniscient* – alam ang lahat ng bagay
8. Job 33:3,4; Awit 104:30 – Manlalalang at Tagabigay-buhay
9. Rom. 8:11 – Nagbibigay buhay
10. Heb. 9:14 – *Eternal* – walang hanggan o di namamatay

Ang Espiritu sa Buhay ni Cristo

- Lukas 1:35 – Bahagi ng paglilihi kay Jesus
- Lukas 3:21, 22 – Bahagi ng bautismo ni Jesus
- 1 Tim. 3:16 – Siya ang nagpabanal kay Jesus
- Lukas 4:1 – Umakay at pumatnubay kay Jesus
- Mt 12:28 – Nagbigay ng mga tandang himala kay Jesus
- Heb. 9:14-15 – Kabahagi sa kamatayan ni Jesus
- 1 Ped. 3:18 – Kabahagi sa pagkabuhay na muli ni Jesus

Pangalan At Simbolo ng Banal na Espiritu

- Banal na Espiritu – Efe. 4:30; 2 Ped. 1:21
- Espiritu ng Dios – Gen. 1:1
- Mang-aaliw – Juan 16:7
- Espiritu ng Katotohanan – Juan 14:17
- Espiritu ng Panginoon – Lukas 4:18
- Espiritu Santo – Gawa 1:5
- Espiritu ng Buhay – Roma 8:2
- Hangin - Juan 3:8
- Ilaw at Apoy - Exo. 13:21; Isa. 6:6-7
- Kalapati - Mat. 3:16
- Langis - Mat. 25:1-4
- Tubig - Juan 7:37-39
- Tatak - 2 Cor. 1:22
- Ulan - Oseas 6:3

Ang Gawain ng Banal na Espiritu

1. Manlalalang – Gen. 1:2; Job 33:3,4; Awit 104:30
2. Tagapagsagawa – Mt 1:18-20
3. Tagapagturo – Lukas 12:12; Juan 14:26
4. Tagasumbat – Juan 16:8
5. Mangaaliw – Juan 14:36
6. Patnubay – Juan 16:30
7. Nagpapatakbo sa gawain ng Iglesya – Gawa 13:12
8. Tagapamagitan – Rom 8:26
9. Siyang Sumasaksi – Rom. 8:16
10. Nagpapabanal – 1 Ped. 1:2
11. Umuudyok o kumakasi – 2 Ped. 1:20, 27

LEKSYON 2: ANG TATAK NG DIOS[1]

Panimula: Bago ilabas ng Dios ang Israel mula sa Ehipto ay nagpadala Siya ng sampung grabeng salot sa mga umaapi sa Kanyang bayan. Nagbigay ang Dios ng babala kay Paraon subalit hindi niya inalintana ito (Ex. 11:10). Ang ikasampung salot sa Ehipto ay ang pagkamatay ng lahat ng mga panganay. Ang tanging naligtas na mga panganay ay ang nanampalataya sa babala ng Dios at naglagay ng tandang dugo sa ibabaw ng kanilang pintuan (Ex. 12:13). Sa huling panahon, bago kunin ng Dios ang Kanyang bayan mula sa sanlibutang ito, ay merong darating na pitong huling salot para sa patuloy na lumalaban sa Kanya. Bago dumating ito, bibigyan ng Dios ang mga tao ng tanda na magiging proteksyon nila mula sa mga salot na darating. Pag-aaralan natin ngayon kung ano ang mga salot na ito at kung paano tayo magiging ligtas mula rito.

1. Ano ang pumipigil sa pansanlibutang kalamidad? **Apok. 7:1**

2. Hanggang kailan pipigilan ang pagkawasak ng sanlibutan? **Apok. 7:2-3**

   🗣 Ang tatak na ito ay isang hindi nakikitang tatak, na anghel ang maglalagay sa noo o sa kamay ng mga "alipin ng…Dios."[2]

   🗣 Ang tatak o *seal* ng presidente ng isang bansa ay sumisimbolo sa kasaysayan at dignidad ng pangulo at sa kanyang nasasakupang bansa.

3. Ano ang tatak ng Dios sa Kanyang bayan? **2 Cor. 1:21-22; Efe. 1:13; 2 Cor. 5:5**

   🗣 Ang pangunahing tatak ng isang tunay na tagasunod ni Cristo ay ang pagkakaroon ng Espiritu Santo.

---

[1] Ang leksyong ito ay mas makababuting ituro kapag naituro na ang doktrina tungkol sa Sabbath upang maging mas malinaw sa tinuturuan.

[2] Ellen White, Letter 126, 1898 (*EGW Comments* on Ezekiel 9:2-4, p. 1161).

Ang Apok. 19:10 ay maaaring isalin na "Espiritu ng hula" o "Espiritung inihula." Maaaring ipaliwanag na ito ang pagkakaroon ng kaloob ng propesiya, o kaya ay ang pagkakaroon ng presensya ng Espiritu Santo (na siyang nagbibigay ng kaloob ng propesiya). Kung ang huli ang susundan, ang patotoo na itinatatak sa mga alagad ng Dios ay ang "patotoo ni Jesus" na walang iba kundi ang presensya ng Espiritu Santo. Tumutugma ito sa Efeso 4:30, na nagpapayo sa mga mananampalataya na "huwag …pighatiin ang Espiritu Santo…na sa kaniya [sila'y] **tinatakan** hanggang sa kaarawan ng pagkatubos." Tingnan ang **Efeso 4:30** at **Roma 8:9** .

4. Kung natatatakan tayo ng Espiritu ng Dios, ano ang masusulat sa puso natin? **Heb. 8:10**

5. Paano inilarawan ang mga anak ng Dios sa huling panahon? **Apok. 14:12**

   Nakakasunod ang mga banal dahil ang Espiritu ay nasa kanilang puso at inilagay na ng Dios sa kanilang puso ang pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Hindi ito dahil nagsikap lang silang sumunod, kundi dahil may pag-ibig sa puso (Rom 5:5; Eze 36:26-27).

6. Masunurin ba ang taong may isang utos na ayaw sundin? **Sant. 2:10**

7. Ano ang sasabihin ng Panginoon sa nagsasabing tagasunod Niya pero ayaw sundin ang isa sa Kanyang mga utos? **Luk. 6:46; Juan 10:27; Mat. 7:21-23**

8. Anong isang utos ang madalas ayaw sundin ng mga nagsasabing sila ay mga tagasunod ni Cristo? **Eze 22:26**

   Sa Isaias 8:16 ay binabanggit na: "Talian mo ang **patotoo**, **tatakan** mo ang kautusan sa gitna ng aking mga alagad." Ibig sabihin, may tatak sa kautusan na mapagkakakilanlan kung sino ang may ari ng kautusang iyon.[3] (Tingnan ang Kabanata 20: Araw ng

[3] Testimonies, vol. 6, p. 350.

Kapahingahan, pp. 156-174, para sa detalyadong paliwanag tungkol rito).

9. Ano ang panlabas na tanda ng Dios sa Kanyang bayan? **Exo. 31:13**; **Eze. 20:12**; **20:20**

   🗣 Ang tatak ng Dios sa mga nananampalataya sa Kanya ay ang pagkakaroon ng Espiritu ng Dios sa kanilang buhay (Rom. 8:9). Ang pagkakaroon ng Espiritu ng Dios sa bu hay ay gagawa sa kanila upang naisin nilang sumunod sa lahat ng kautusan at kalooban ng Dios. Ang panlabas na tanda o palatandaan ng isang taong tinatatakan ng Espiritu Santo sa huling kapanahunan ay ang pangingilin ng Sabbath (o ang pagsunod sa ikaapat na utos).

10. Ano ang dapat na motibo sa pagsunod sa Dios? **1 Juan 5:1-3**; **Juan 14:15**

11. Paano tayo makakatanggap ng tatak ng Espiritu Santo? **Efe. 1:13**

    🗣 Upang tayo ay matatakan ng Espiritu Santo ay dapat makinig at manampalataya sa "aral ng katotohanan" (Rom.10:17).

Pagpapasya: Ibig mo bang magkaroon ng tatak ng Dios? Ibig mo bang ikaw ay maging pag-aari na ng Dios? Makinig at manampalataya sa Salita ng Dios – magsisi sa mga kasalanan, tanggapin si Jesus bilang tagapagligtas at Panginoon. Siya ay papasok sa iyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Tatatakan ka Niya. Gagawin Ka Niyang masunurin. Babaguhin ang iyong puso at pag-uugali. Ibig mo bang papasukin Siya ngayon sa puso mo?

☞ Ang ikalawang bahagi ng leksyong ito ay nasa Kabanata 20: Araw ng Kapahingahan: "Ang Tatak ng Dios at ang Tanda ng Hayop", pp. 178.

Dagdag na Pag-aaral

Ang **Espiritu Santo** ay kinilala na tulad ng Dios Ama (Yahweh) sa Matandang Tipan. 2 Sam. 23:2,3; Eze. 8:1,9;

Ang **Espiritu Santo** ang kumasi o nag-*inspire* sa mga propeta upang sumulat ng Kasulatan (2 Tim 3:16; 2 Ped. 1:21). Ang Kanyang presensya sa puso ay presensya rin ni Cristo at ng Dios Ama – Juan 14:18, 23.



Ang **Espiritu Santo** ay isang Persona ng kadiosan. May mga palatandaan Siya ng personalidad, at pag-iisip (Juan 14:26), pagpili o *will* (1 Cor. 12:11), at pakiramdam (Efe. 4:30, Gawa 5:3,4.)

Ang iisang Dios na lumikha sa atin (Mal. 2:10) ay ang Ama (Gen. 1:1), si Jesus na Anak (Juan 1:1-3, 14; Col. 1:16), at ang **Espiritu Santo** (Gen. 1:2; Awit 104:30).

Lahat ng katangian ng Dios Ama at Dios Anak ay nasa Dios Espiritu Santo. Kasama rito ang sumusunod:

- Makapangyarihan – Job 42:1,2; Mat. 28:18; Roma 15:19.
- Nasa lahat ng lugar – Awit. 139:7,8; Mat. 28:20
- Alam ang lahat– Awit 147:5; Juan 16:30; 1 Cor. 2:10-12.
- Walang kamatayan; walang hanggan - Heb. 9:14

BALANGKAS NG SALIGANG PANINIWALA BILANG 5

ANG DIOS ESPIRITU SANTO[4]

I. Ang walang hanggang Dios Espiritu ay
- *a.* aktibong kasama
  - *i.* ng Ama at Anak sa
    - *1.* paglalang, sa
    - *2.* pagkakatawang-tao, at sa
    - *3.* pagtubos.

II. Kaniyang kinasihan
- *a.* ang mga manunulat ng Banal na Kasulatan.

III. Pinuno Niya ng kapangyarihan
- *a.* ang buhay ni Cristo.

IV. Kaniyang
- *a.* inaakit at
- *b.* sinusumbatan ang mga tao; at
  - *i.* yaong tumutugon ay
    - *1.* binabago [*renews*] at
    - *2.* ginagawang [*transforms*] gaya ng wangis ng Dios.

V. Ipinadala ng
- *a.* Ama at ng Anak
  - *i.* upang laging makasama ng Kaniyang mga anak,

VI. Siya ay
- *a.* nagbibigay ng mga espirituwal na **kaloob** sa iglesia,
- *b.* nagbibigay **kapangyarihan** upang sumaksi kay Cristo,
- *c.* at sa pakikipagkaisa sa mga Kasulatan **inaakay** ang iglesia
  - *i.* sa buong katotohanan."

❖ **Pangunahing talata para sa Saligang Paniniwala bilang 5:**
Genesis 1:1,2; Lucas 1:35; 4:18; Gawa 10:38; 2 Pedro 1:21; 2 Corinto 3:18; Efeso 4:11, 12; Gawa 1:8; Juan 14:16-18, 26; 15:26-27; 16:7-13.

[4] Isinalin mula sa "Statement of Fundamental Beliefs 5, God the Holy Spirit" na makikita sa *Seventh-day Adventists Believe* ng Ministerial Association, Gen. Conference (Silver Spring, MD: Pacific Press, 2005), pahina 69. Makikita rin ang buod ng doktrinang ito sa "Fundamental Beliefs of Seventh-day Adventists" sa *SDA Church Manual*.